Mothers of Prayer Intl Newsletter

Ministeryo ng mga Kababaihan ng United Pentecostal Church Internasyonal

Nobyembre 2014

Internasyonal na mga Ina nang Panalangin

Sino kami? . . . Simula pa noong 1999: ang “Mothers of Prayer Intl.” ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan ,upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.
Ang aming misyon . . . Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon ,gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.
Aming kailangan . . . Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang knilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

Tatlong dapat bigyang pansin sa pananalangin..

1. Kaligtasan ng ating mga anak(Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
2. Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (I Juan 2:25-28; Santiago1:25)
3. Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38).

Pusong may Pasasalamat

ni Glenda Alphin

" Upang aking maiparinig ang tinig ng pagpapasalamat,
at maisaysay ang lahat na iyong kagilagilalas na gawa “Awit 26:7

Naaalala ko pa rin yung unang pagkakataon na naranasan ng isa sa aming mga anak ang kapangyarihan ng pagpapagaling sa pamamagitan ng pananalangin. Hindi maganda ang pakiramdam ko noon, masakit ang aking tiyan na parang humhilab pa. At habang ako ay nakaupo sa kuwarto,pumasok naman si Candace, ang aming anim na taong gulang na anak. Dahil sa sobrang sakit ng aking nararamdamn pati musmos na bata ay natawag ko upang ako ay ipagpanalangin. Noong ipinatong niya ang kanyang maliit na kamay sa aking ulo, ramdam ko taimtim niyang panalangin.naaalala ko pa rin ung mukha niya na determinadong tumatawag sa Panginoon upang ako ay pagalingin mula sa sakit na aking nararamdaman. Siya ay nanalangin sa Diyos ng may pag-asa ,naniniwalang gagawin ng Diyos kung ano man ang kanyang hininhingi.

Ang puso ko ay tunay na umaapaw sa pasasalamat habang inaalala ko ang proseso ng paglago at pagbabago ng aking anak. Ni hindi man lang sumagi sa aking isipan na ako pala ay nagpapalaki ng isang MK‘“ (missionary kids); gayunpaman, dapat ay alam ko na ito na may plano ang Diyos sa buhay niya na siya ay gagamitin bilang isang missionary sa edad pa lamang na lima. Kung aking iisipin ang kapamaraanan ng Diyos, tunay na hindi ko talaga maintindihan.. Ano ang tao upang iyong alalahanin siya? At ang anak ng tao, upang iyong dalawin siya?

(Awit 8:4). Habang ako ay nakaupo at nag-iisip, halos umapaw ang aking emosyon.

Pagkalipas ng labinlimang taon, nakikita ko na kung paanong ang panalangin ay nagturo sa aking mga anak para sila ay magamit sa Gawain. Si Miranda, ang aking labintatlong gulang na anak ay walang sawang nanalangin na maligtas din ang kanyang matalik na kaibigan. At nakita ko din kung paano siya ay umiyak noong napuspos at nagsalita ng ibang wika pati na din noong na bautismo sa tubig ang kanyang kaibigan. Nakita ko din si Candace noong nagturo siya ng unang Bible study niya sa edad na walong taon. At pati na rin ang kanyang walang tigil na panalangin upang ang kanyang kaibigan din ay maligtas. At siya din ay tinugon ng ating Diyos

Nakita ko din silang ipinapatong ang mga kamay sa mga tao, habang nanalangin ng kagalingan mula sa Diyos. At kung paano sila umiyak sa pagpapasalamt sa Diyos kapag ang mga taong iyon ay gumagaling.. " At sinomang tumanggap sa isa sa ganitong maliit na bata sa aking pangalan ay ako ang tinanggap (Mateo 18:5). Uu,ako ay nagpapasalamat sa Diyos.

Ang paglago ay hindi nangyayari ng isang gabi lamang. Ito ay mula sa maraming taon na nakikita mula sa iba. Mula din ito sa patuloy na pagtuturo at pakikinig ng salita ng Diyos (Deut 6:4-9) Ito ay sa pamamagitan din ng pananampalataya na kaya nating ilipat ang bundok (Marcos11:23). At higit sa lahat ang paglago ay kapag ang ating mga anak ay may hangaring lumapit sa Diyos ng buong puso nila. (kawikaan 8:17).

Pinupuri ko ang Diyos dahil sa kanyang mga ginawa at mga gagawin pa, isang bagay lamang ang alam ko, Dakila ang kanyang katapatan! *3* Alamin ninyo na ang Panginoon ay siyang Dios; siya ang lumalang sa atin, at tayo'y kaniya: tayo'y kaniyang bayan, at mga tupa ng kaniyang pastulan.
4 Magsipasok kayo sa kaniyang mga pintuang-daan na may pagpapasalamat, at sa kaniyang looban na may pagpupuri: mangagpasalamat kayo sa kaniya, at purihin ninyo ang kaniyang pangalan.
5 Sapagka't ang Panginoon ay mabuti; ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man; at ang kaniyang pagtatapat ay sa lahat ng sali't saling lahi. (Awit 100:3-5)

Tala: Si Glenda kasama ang kanyang asawa na si Mark, ay mga “missionary to the country of Finland.” Siya ay “intercessor at isang “author”. Ang tawag ni Miranda sa kanya ay "Momma," at si candace ay "Mum."

Yan ang Gawain ng isang Ina

ni Linda Elms

Noong 2010, mayroon akong isang karanasan na hindi ko makakalimutan. Ang aking anak na si Andew ay sasakay ng kabayo, habang siya ay nakaupo, naisip ko ang pogi ng anak ko habang siya ay nakaupo doon. Nang biglaang nagwala ang kabayo na kanyang sinasakyan at siya ay nahulog,nakita ko na lamang ang aking anak ay inaapak apakan na ng kabayo

Parang huminto ang tibok ng puso ko ng oras na iyon, ngunit ako ay napasigaw ng “ Hesus!“ at ako ay agarang napatakbo papunta sa kabayo, hindi ko na inisip na ako ay masasaktan nito ang nasa isip ko lamang ay ang aking anak na inaapak apakan ng kabayo.

Napahinahon lamang ako noong nakita ko na maayos naman ang aking anak. At narinig ko si Jonathan, isa ko pang anak na sabi niya. “ mom, dapat hindi ka pumunta sa kabayo, delikado iyon. Alam ko pinoproptektahan lang niya ako, ngunit hindi ko maipaliwanag sa kanya ang puso ng isang ina . Sinabi ko na lang sa kanya na hindi ko napigilan ang sarili ko.

Maya maya pa binanggit ulit ni Jonathan iyong tungkol sa paglapit ko sa kabayo. At sinagot ko siya na ‘ Hindi

mo ako maintindihan anak, ganon talaga ang isang ina. Gagawin ang lahat maprotektahan lamang ang kanyang anak. Uulitin ko, hindi ko napigilan ang sarili ko, parang mayroong pwersa sa loob ko kaya ako napatakbo para protektahan si Andrew.."

Palagi kong naaalala ang nangyaring iyon. Subalit hindi iyong nangyari kay Andrew ang nais kong i-pokus kundi kung paanong ang kaaway ay gumagawa ng walang tigil masira lamang ang buhay ng ating mga anak.Nais ng Ispiritu ng pandaraya na nakawin ang katotohanan mula sa puso ng ating mga anak. Ngunit may isang bagay na hindi kaya ng kaaway – ito ay ang panalangin ng isang Ina.

Mga ina, kaya natin protektahan ang ating mga anak mula sa atake ng kaaway kapag tayo ay tumatwag sa pangalan ni Hesus. Manalangin tayo palagi. Ipaglaban natin ang ating mga anak sa pamamagitan ng pagluhod. Mayroon tayong kapangyarihan na talunin ang anumang gawa ng kaaway laban sa ating mga anak.. Makapangyarihan ang Pangalan ni Hesus, ang kanyang dugo, gawin natin ang lahat para maingatan ang kanilang ispiritwal na buhay. Panalangin lamang ang tanging paraan para mapagtagumpayan ang kaaway. May kapangyarihan sa Pangalan ni Hesus!

At sa darating na " panahon ng Pasasalamat" nagpapasalamat ako sa Pangalan ni Hesus, Sa panahon ng Pagsubok, tatawagin ko lamang ang pangalan niya, Siya ay nandiyan at hindi ako pababayaan.

Tala: Si Linda Elms ay kasal kay Rev. Wendell Elms at may dalawang anak na sila Jonathan and Andrew, na parehong pastor. Siya ay lola sa anim na babaeng apo. Ang paggawa sa Panginoon ay pintig ng puso niya, siya ay naiimbitahan ding mangaral sa maraming lugar Isang manunugtog at masayang nagsusulat sa kanyang "blog".

Manalangin ka lamang

ni Tiffini Countaway

Noong bata pa lamang ako,minsan hindi ako makatulog o kaya naman ay nagigising ako na nauuhaw, Kaya naman ay ako lumalabas sa aking kuwarto at pumupunta sa sala. At doon ko makikita ang aking mama na tahimik na nakaluhod sa upuan. Di ko matandaan kung kaylan ko unang nakita si mama na nakaluhod pero nakalakihan ko na nakikita siya na nkaluhod sa gabi. Kapag nakikita niya ako na nakatabi sa kanya , ako ay agad niyang asikasuhin, hahalikan at patutulugin ulit at para sa akin ang lahat ay maayos ulit.

Sa maraming taon, di ko maintindihan kung ano ang ginagawa niya sa gabi pag siya ay nakaluhod, pero alam ko saan ko siya hahanapin pag ako ay hindi makatulog. At noong walong taon na ako ay naitanong ko sa kanya kung ano ang kanyang ginagawa sa gabi. At sa mahinahong boses siya ay sumagot sa akin noon na "ako ay nanalanagin"

Inaamin ko hindi ko talaga siya maintindihan noon, bakit siya nanalangin sa gabi doon sa sala. Alam ko pagod na siya sa maghapong pag-aalaga sa akin, at pag-aasikso sa aking papa pati pag-aayos ng bahay pero bakit kaya sa gabi hindi namin siya kasabay na nagpapahinga. Ano ang ginagawa niya na importante na kailangan niyang magpuyat at lumuhod? Siguro alam naman ng Diyos na pagod siya at maiintidihan siya.

Ngunit noong ako ay lumaki na , doon ko naintindihan ang kapangyarihan ng inang mapagpanalangin. At habang iniisip ko ito, maaaring maraming beses na ako ay muntikan na mapahamak ngunit hindi nangyari dahil sa panalangin ng aking ina. Dahil ako ay balot ng panalangin ng aking ina.

At mula sa isang anak na balot ng panalangin ng isang ina, nais kong ipabatid sa mga ina na panghawakan ang I Tesalonica 5:17: "Manalangin ng walang patid.." kahit na para bang ang ating mga anak ay hindi pinapahalagahan ang ating panalangin – manalangin tayo ng walang patid. Kapag para bang ang Diyos ay hindi pinpakinggan ang ating panalangin – manalangin tayo ng walang patid.

At ngayon kahit na hindi na ako bata hindi ko makakalimutan kailanman yung panahon na siya ay nakaluhod upang manalangin gabi gabi. Ako ay nagpapasalamat sapagkat ginawa niya ang nakasulat sa Colosas 4:2 – manatili kayo sa panalangin." Kapag naiisip ko ang aking mama na nakaluhod sa upuang iyon, ako ay naluluha sa pagpapasalamat.

Mga ina- manatili tayo sa panalangin.

Tala: Si Tiffini Countaway ay isang " Web Producer for MyHopeRadio.com." Siya at ang asawang si Andrew ay nakatira sa St. Louis, Missouri, at may alagang pusa na si Callie.

From the Editor

Debbie Akers

Ang Diyos ay patuloy na gumagawa ng makapangyarihang bagay!

Palagi na lamang aking layunin at pananaw,simula noong ako ay unang naatasan na simulan ang pahayagang ito na ito ay mabasa sa iba't ibang wika. Napakabuti ng Diyos sapagkat nababasa na ito mula sa English , Spanish, French, German, Dutch, Portuguese, Russian, Greek, Arabic, Farsi, Czech, Chinese, Swahili, aat Hungarian at tagalog. Maraming salamat kila Sisters Dianna Tuttle at Jerolyn Kelley at sa lahat ng mga nagsasaling wika kada buwan! Pati na rin kay Reverend Don Hanscom na nagsasaling wika ito sa Urdu, Hindi, Thai, Tamil,Sinhalese and Laotian! Naghananap kami ng "translator" sa polish, Romanian at Italian.

Mula sa direksiyon ni Sister Gwyn Oakes, "UPCI Ladies Ministries President", para maisakatuparan ang ating misyon sa pagpapanalangin sa ating mga anak sa buong mundo, at sa pagsulong, tayo ay makikilala bilang Internasyonal na mga Ina ng Panalangin. Kami ay nagagalak at nananalangin na patuloy na pagpalain ng ating Diyos ang ministeryong ito – ni Debbie Akers," UPCI, Mothers of Prayer Intl, Coordinator and Editor"

Pwede po kayong magpadala ng inyong mga patutuo o magandang balita.o ideya para sa ikakalago ng ministeryong ito. Ipadala lamang sa MothersOfPrayerIntl@aol.com or debiakers@aol.com

Mula sa Lebanon

Pagbati mula sa Byblos!

Salamat at mayroon na tayong "Arabic MOPI. Ang Arabic version ay importante sa amin sapagkat nakakatulong ito sa aming bagong " buwanang pagtitipon . Marami sa amin ay interasado dito sapagkat may ilang madalang lamang makasamba. Ginagamit na rin namin ito sa aming "Bible school" . Ang mga estudyante dito ay ibinabahagi din ito sa iba.
Ginagamit namin kasalukuyan ang mga Arabic, English, French, German, Portuguese and Tagalog. Mayron din kaming dagdag kopya para sa mga bisita. (ang isiping 'ipanalangin ang pamilya' ay palaging positibo ang responde sa Mid-East.)

Isa pang bagay na maganda dito sa MOPI ay nagagamit ito para maging interesado ang mga bisita. Noong nakaraang buwan nagkaroon na kami ng buwanang "prayer groups" sa iba't ibang lugar ng mga nanay na may mga kaibigang hindi nkakakasama sa Gawain..

Salamat sa iyong tulong upang ito ay mangyari..

Lubos na Kristiyanong pagmamahal mula sa Lebanon, -- Mariann Starin

31” Biblikal na Birtud ” sa pagpapanalangin sa ating anak (22-24)

22. Pagiging kuntento -- "Ama, turuan mo ang aking anak nang sikreto upang maging kuntento sa lahat ng sitwasyon -sa kanya na nagpapalakas sa akin (Filipos 4:12-13)

23. Pananampalataya -- "Panalangin ko na ang pananampalataya ay umugat at lumago sa puso ng aking mga anak, na dahil sa pananampalataya ay makamit nila ang mga pangako mo sa kanila.." (Lucas 17:5-6; Heb. 11:1-40)

24. Puso ng isang alipin -- "Diyos, tulungan mo ang aking anak na magkaroon ng puso na kagaya ng isang alipin , para ikaw ay mapagsilbihan nila ng buong puso nila. Hindi ang tao kundi ikaw o Diyos. (Efeso.6:7)

Isinumite ni Gwyn Oakes. “Copyright Bob Hostetler (www.bobhostetler.com). Used with the permission of the author. “

Ministry Links

Pentecostal Publishing House
Mothers of Prayer Intl
UPCI Ladies Ministries
Reflections
Today's Christian Girl
More to Life Bible Studies
World Network of Prayer
UPCI
My Hope Radio
Multicultural Ministries

Forward this issue



Ang purong buhay..... $10

Ang lahat ng babae mapabata man o matanda ay kailangan ng tunay na kasagutan. Itong purong buhay ay makakatulong sa kanila sa kanilang mga desisyong gagawin sa kanilang kinabukasan. Ang kadalisayan ay isang isyu sa puso. Ito ay isa ding isyu sa isipan. Isang ispiritwal na isyu, Pisikal na isyu. Ang makakapagbasa ng librong ito ay matutunang ang kahalagahan ng isa sa sampung utos., na mahalin ang Diyos ng buong puso, kaluluwa, isipan at lakas.

“To order call 314.837.7300 ask for Jane Buford “